A letter for my daughter

By alyloony

Dear daddy, I hate you.

Nakakainis na ang buhay na ganito. Dalawa na lang kami ng daddy ko lagi pa siyang wala sa bahay! Lagi na lang trabaho inaatupag niya pero di naman niya binibigay lahat ng mga gusto ko! Tapos yung fact na di ko pa siya maintindihan because he's damn mute!! Lagi na lang siyang nag si-sign language saakin na hindi ko naman maintindihan kung ano ang meaning! I hate him! I really really hate him!

12 midnight na. I heared a knock on the door pero di ko pinansin. Alam ko naman na si daddy lang yan, kauuwi from work. Dahil siguro napagod na siya sa kakakatok, pumasok na siya sa room ko at ginising ako

"Ano yun?!" sigaw ko sa kanya

Nginitian lang niya ako and nag sign language siya saakin na alam naman niya sa sarili niya na hindi ko maiiintindihan. Nagtaklob na lang ako ng kumot at antok na antok ako. Wala akong balak initindihin ang mga sinasabi niya. Naramdaman ko naman na hinalikan niya ang noo ko at lumabas na ng kwarto ko.

Gabi gabi ganun yun. Gigisingin ako ng madaling araw para lang mag sign language ng kung ano na hindi ko naman maintindihan ang meaning, hahalikan ako sa noo at lalabas na. Ang ewan lang eh. Tsaka di ba niya alam na maaga ang pasok ko kinabukasan?! Gigisingin lang niya ko para sa isang walang ka-kwenta kwentang bagay?! Walang pakundangan na ama.

Kada umaga, lagi ko siyang nadadatnan sa hapag-kainan na umiinom ng kape habang may sinusulat doon sa notebook niya na kung ano. Nag sign siya saakin na umupo ako sa tapat niya at ready na kumain. Tinignan ko yung almusal, instant noodles na naman. Mapupurga na ko dito sa noodles eh.

“wala na ba ibang pagkain?” tanong ko sa kanya

Nag sign language siya at hindi ko naitindihan. Inirapan ko na lang “**never mind. Sa school na lang ako kakain”** tumayo ako at iniwan na si daddy. Nakakaasar, wala na nga akong matinong ama, wala pa kong matinong pagkain.

Pagkapasok ko sa school, nakita ko ang mga ka-klase ko na kanya kanyang may hawak ng mga gadgets nila. Yung iba mamahaling cellphone, yung iba naman mga PSP, iPad at kung anu-ano pa. Samantalang ako isang pipitsuging cellphone lang ang meron ako. Wala pa tong camera. Nasa magandang school ako, pero hindi ko sila ka-level. Mayayaman sila, ako mahirap lang. Kung pwede nga lang magpa-ampon na lang sa ibang magulang eh. Ayoko na ng ganitong buhay.

Kinabukasan nun, sinubukan ko humiling kay daddy. Siguro naman pagbibigyan niya ko. Inaabot siya ng hanggang alas-dose ng madaling araw sa trabaho kaya panigurado may pera siya.

“daddy, pwede mo ba ko ibili ng laptop? Kailangan ko na kasi ng computer eh para sa mga projects ko sa school. Ang hirap ng nag rerent pa ko sa labas” tanong ko sa kanya habang busy siya sa pagsusulat doon sa notebook niya

Pumunit siya ng papael doon at sinulatan atsaka ito pinabasa saakin

‘sorry anak, wala pang pera si daddy eh’

“eh inaabot kayo ng hating gabi sa trabaho tapos walang pera?! Sino niloko niyo?! Hmpf siguro nambababae ka lang eh! Madalas ka ng wala dito sa bahay tapos di mo pa ko mapagbigyan! Walang kwentang ama!” tumayo ako at tumakbo palabas ng bahay habang umiiyak.

Nakakainis! Bat ba ko nagkaroon ng magulang na di kayang ibigay ang gusto ko?! Bat sa dinami dami ng magiging tatay ko yun pang walang silbi at pipe?! Galit ba sakin ang Dyos?! Bat di na lang ako pinanganak na mayaman katulad ng mga kaklase ko?!

Pakiramdam ko ako na ang pinaka malas na tao sa buong mundo. Nagiisa lang ako. Ayoko ng ganito. *Ayoko ng buhay ko.*

Halos isang bwan kong di pinansin si daddy. Kada umaga hindi ako sumasabay sa pag almusal sa kanya. At mukhang wala naman siyang paki eh dahil busy lang siya sa pagsusulat ng kung ano doon sa notebook niya. Pag madaling araw naman, ginigising parin niya ako at may kung anong sinasabi pero di ko na siya iniitindi. Nakakaasar na nga eh! Ang sarap sarap ng tulog ko tapos gigisingin ako!

Nung mga panahong yun, may nakilala akong lalaki, si Andrei. Niligawan niya ako at sinagot ko naman siya agad. Mayaman eh. Kaya niyang ibigay lahat ng luho ko at naibili narin niya ko ng gusto kong laptop. Though medyo may pagka bastos siya at malikot ang kamay, wala akong paki. Basta kaya akong pagka gastusan

“may tao ba sa bahay niyo Becca?” tanong saakin ni Andrei isang beses. Alam ko naman na ang gustong mangyari nito. Tutal lagi naman niya ko pinapasaya, it’s time na ibalik ko sa kanya lahat ng yun. Tutal normal na naman ang bagay na yan sa mga kabataan ngayon, pumayag ako. Pumunta kami sa bahay namin pero nagulat ako ng makita ko si daddy doon.

“bat ang aga ng uwi mo?” pambungad na tanong ko sa kanya

Inilagay niya yung kamay niya sa leeg niya na parang sinasabi niyang may lagnat siya

“ah ok. Daddy boyfriend ko pala, si Andrei”

“ah nice meeting you po” nilahad ni Andrei ang kamay niya at nakipag shake hands kay daddy

“pipe yan, di ka masasagot niyan” sabi ko kay Andrei. Tinignan ko naman si daddy “**akyat lang kami sa kwarto ko”**

Nag sign language si daddy pero di ko siya pinansin. Bigla naman ako pinigilan ni Andrei

“becca, he’s asking kung ano gagawin natin”

“naintindihan mo siya?”

“oo”

Tinignan ko si daddy **“ano pa nga ba gagawin namin? Slow”** inirapan ko siya at hinila ko na si Andrei.

“Wait, ayaw ng daddy mo”

“hayaan mo siya! Wag mo siyang intindihin!” tuluyan kong kinaladkad si Andrei sa room ko at inilock ko yung pintuan. Narinig ko naman ang mga yabag ni daddy na paakyat din at maya-maya kumakatok na siya sa room ko.

“stupid old man”

“Becca mali ata to, baka magalit ang daddy mo”

“wag mo siyang intindihin! Wala naman paki yan sakin eh! ikaw na lang kaligayahan ko kokontrahin pa niya”

“Becca”

Nakita ko sa mukha ni Andrei ang pag aalangan habang naririnig ko ang patuloy na pagkatok ni daddy sa pintuan.

“Don’t mind him please. Sa ilang taon ng buhay ko malungkot ako at nahihirapan dahil sa kanya. Please, sana pasayahin mo ko Andrei”

Lumapit siya saakin at niyakap ako **“I will”**

That day, he gave me happiness.

Nagising ako sa tabi ni Andrei. Tumigil na sa pagkatok si daddy at hindi ko alam kung ano na ginagawa niya ngayon. Napatingin ako kay Andrei at niyakap siya

“thank you” bulong ko dito

“**nakokonsensya ako Becca”**

“ha? Bakit naman?!”

“and daddy mo, narinig ko siyang umiiyak”

“wala akong paki sa nararamdaman niya!”

“Becca, stop treating your dad like that. Mamaya magsisi ka pag nawala siya sayo”

Nanahimik lang ako. Eh ano naman kung mawala siya? Maganda yun, wala na kong iintindihin. Titira na lang ako kila Andrei para gumanda narin buhay ko.

Pero sa kadulo-duluhan ng puso ko, nakaramdam ako ng sakit.

February na. Malapit na ang J.S prom namin at lahat sila busy na sa paghahanap ng isusuot nilang damit. Buti na lang at may pera si daddy kaya maibibili niya saakin yung damit na gusto ko. Sa sobrang saya ko, nayakap ko pa siya. Hindi na ko makapag antay. Sabi niya kasi bibilhin na niya mamaya yung damit ko eh. At last, meron narin akong hiniling na binigay niya sakin! Kung laging ganito edi magkakasundo kami!

Halos hindi ako makatulog ng gabing yun dahil inaantay ko siya. As usual ginabi na naman ng uwi yung isang yun. Sana naman hindi niya nakalimutan bilhin yung damit ko. Sa sobrang pagod ko narin siguro, hindi ko na siya naantay pa at nakatulog na ako.

Kinabukasan ng magising ako, agad agad akong bumaba at pumunta sa hapag kainan namin. Nadatnan ko si daddy doon na nagsusulat sa notebook niya. Napansin ko naman na may mga pasa at sugat siya sa mukha

“oh ano nangyari sayo?! Bat puro sugat ka?! Nasan yung damit ko?!”

Nginitian ako ni daddy at pinakita saakin yung damit na binili niya. Hindi ito yung damit na gusto ko, instead, isa lang tong damit na napaka cheap, napaka simple na pag sinuot ko sa prom namin pagtatawanan ako ng mga classmates ko.

“ano nangyari?! Bat yan lang ang binili mo?! Nasan na yung damit na gusto ko?!”

Nag sign language siya saakin na parang nanghihingi ng sorry.

“Daddy! Nakakaasar ka naman eh! lagi mo na lang ako pinapaasa! Ayoko na! ayoko ng maging tatay ka! Hindi mo naman ako pinapasaya! Lagi mo pa kong iniiwan sa bahay! I hate you daddy! I really hate you! Ayoko ng maging tatay ka! Wala kang kwentang----“

slap

Natigilan ako sa pagsasalita at napahawak sa pisngi ko habang biglang tumulo ang luha sa mata ko. Ngayon lang niya ko pinagbuhatan ng kamay.

Matapos akong maghirap kasama siya, nagawa niya pa kong saktan?

“I hate you daddy”

Tumakbo ako palabas habang umiiyak.

I really hate my dad. He’s the worst dad ever! Sana iba na lang naging ama ko. Sana sa ibang pamilya na lang ako lumaki. Bakit siya pa naging ama ko?!?!

BEEEEEEP

Nakita kong may kotseng papalapit saakin na malapit na akong sagasaan.

Gusto ko na mamatay.

Ipinikit ko ang mata ko habang hinihintay ang kotseng tatapos ng buhay ko ng makaramdam ako ng mga kamay na tumulak saakin palayo. Sunod na lang na nakita ko ay yung kotseng bumangga sa poste

at ang ama ko na duguan sa kalsada at wala ng buhay.

Nanginginig akong umupo sa hapagkainan namin at halos hindi makapaniwala sa lahat ng nangyari.

"sorry hija, death on arrival ang daddy mo. Condolence" *sabi ng doctor nung isugod namin si daddy sa ospital*

Ang bilis ng pangyayari, parang kanina lang nakaupo siya dito at nagsusulat lang sa notebook niya. Tapos ngayon wala na siya. Iniwan na ko ni daddy.

Namatay siya ng dahil saakin.

Tinignan ko yung notebook na laging sinusulatan ni daddy at binasa ang nakalagay doon. Nagulat naman ako ng makita ko ang pangalan ko sa notebook niya.

~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~

Dear Becca

Nung ipinanganak ka ng mommy mo, ako na ang pinaka masayang lalaki sa mundo. Nakakalungkot isipin na iniwan tayo agad ng mommy mo dahil sa panganganak niya sayo pero ipinangako ko sa kanya na aalagaan kita kahit anong mangyari. Alam mo ba na kamukhang kamukha mo siya? Pareho kayong may magandang ngiti at mata. Kaya naman natutuwa talaga ko kada makikita kitang ngumingiti at masaya.

***

Anak, mahal na mahal ka ni daddy. Alam ko nagtatampo ka sakin dahil hindi kita halos nakakasama. Kailangan ko kasi talaga magtrabaho maigi eh. Sa araw, nandun ako sa construction site at nagtatrabaho bilang construction worker. Sa gabi naman bilang isang security guard ng banko. Pasensya ka na ha? Kailangan kong gawin to para mapagtapos kita ng pagaaral sa isang magandang iskwelahan. Pero anak, wag mo sanang isipin na kinalimutan na kita kasi mahal na mahal na mahal kita. Gabi gabi ko yan sinasabi sayo. Kada uuwi ako, ginigising kita para lang sabihin sayo kung gaano kita kamahal. Nakakalungkot lang at hindi mo ako maintindihan. Sana hindi na lang ako naging pipe para masabi ko ito sayo araw araw.

***

Anak patawarin mo ko dahil hindi ko nabili yung laptop na hinihiling mo sakin ha? Walang pera si daddy eh. Di bale mas hahabaan ko ang oras ng trabaho ko para maibili kita ng laptop. Ok ng magkasakit ako anak, mapasaya lang kita.

***

Anak naibili ka na pala ng boyfriend mo ng laptop. Di bale mas maganda naman yung mabibili niya doon sa pera niya. Itatago ko na lang itong perang naipon ko baka sakaling may ipabili ka, maibigay ko na sayo. Natutuwa din ako at nakahanap ka na ng lalaking mamahalin mo. At least bukod saakin, may magbabantay sayo.

***

Anak bakit mo ginawa ang bagay na yun? Masyado ka pang bata. Natatakot na baka mamaya mabuntis ka. Sa kabilang banda naiinis ako sa sarili ko dahil simpleng salita na ‘wag mong gawin yan’ hindi ko masabi sayo dahil sa pipe ako. Patawad anak. Patawarin mo ko. Alam ko pag may nangyari sayo ako ang may kasalanan. Patawad.

***

Anak natutuwa ako dahil masaya ka ngayon. Maibibili kita ng damit na gusto mo galing sa naipon kong pera. Salamat anak at niyakap mo ko kanina. Tuwang tuwa ako nun. Mahal na mahal ka ni daddy.

***

Anak patawarin mo ko dahil hindi ko nabili yung damit na gusto mo. Na holdap ako. Nagmakaawa ako at nanlaban sa mga holdaper para di nila makuha yung pera ko na pambili ng damit mo kaso ginulpi lang nila ko. Wala silang puso. Umiyak ako sa harap nila pero kinuha parin nila ang pera ko. Patawarin mo ko anak at eto lang ang nabili ko. Nangutang lang ako para ma-rentahan ang damit na to. Alam ko magtatampo ka saakin pero anak sana patawarin mo ko. Mahal na mahal ka ni daddy.

~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~*~

Halos hindi na mabasa yung ibang sulat doon sa notebook ni daddy dahil basang basa na ito ng luha ko.

Wala akong ibang ginawa kundi sigawan siya, awayin siya, sabihan siya ng walang kwenta at hilingin na sana hindi na lang siya ang tatay ko.

Pero hindi ko alam na ganito pala ang ginagawa niya para saakin.

Bakit ngayon ko lang nakita lahat? Pakiramdam ko ako ang walang kwenta!

“Becca, stop treating your dad like that. Mamaya magsisi ka pag nawala siya sayo”

Napahagulgol ako ng maalala ko ang mga sinabi saakin ni Andrei.

Tama siya, dapat hindi ko tinrato si daddy ng ganun. Mahal na mahal niya ako pero puro pasakit lang ang binibigay ko sa kanya. Kaso sa kabilang banda ako parin ang iniintindi niya.

Bakit kailangan umabot sa ganito? Bakit kailangan pa niyang mawala para makita ko ang lahat?

Sana pinakita ko din sa daddy ko na mahal ko siya at inappreciate ko lahat ng mga bagay na ginawa niya para saakin.

Nagsisisi ako.